ANG PAG-ALIS NG MGA HADLANG SA MGA BAGONG-DATING: ANG PAGPAPADALI NG PAGTANGGAP NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ang programang binubuo ng limang hakbang, na ang pakay ay ang pagpapadali ng pagtanggap ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay-kapangyarihan sa mas maraming manggagamot na sinanay sa ibang bansa:

1. Pabilisin, pagaanin at padaliin ang proseso ng pagtatala, o registration process, para sa mga doktor na nanunungkulan na sa Canada, sa Estados Unidos o sa anumang ibang bansa kung saan may sistema ng pangangalagang pangkalusugan na maitutulad sa aming sariling sistema;

2. Tulungang magsimula sa kanilang panunungkulan sa Ontario ang mga manggagamot na sinanay sa ibang bansa, sa pamamagitan ng paglikha ng pansamantalang lisensiya, o transitional license, na magbibigay sa kanila ng pahintulot na manungkulan na may pangangasiwa habang tinatapos ang kailangang pag-aaral o tinatamo ang tiyak na karanasan sa pagsasagawa, o specific practical experience;

3. Mas mahusay na isagawa ang mga pagtasa upang maipagpatuloy ng mga doktor na sinanay sa ibang bansa ang kanilang mga pag-aaral at masama silang lubos sa sistema ng panggagamot sa Ontario;

4. Magbigay ng inangkop na nakauugmang tulong na sasaklaw ng edukasyon sa kultura at wika, pamamatnubay ng mga propesyonal (mentorship) at pagsasanay na praktikal (hands-on training);

5. Bumuo ng tinugma at inangkop na tulong para sa mga taong nais gamitin ang kanilang mga pandaigdig na kakayahan at karunungan sa panggagamot sa ibang sanga ng propesyong pangkalusugan o kaugnayang karera.

Upang makatanggap ng karagdagang impormsayon tungkol sa Broten Report, mangyaring pumunta sa: www.health.gov.on.ca

June 6, 2008 Tagalog © Queen's Printer for Ontario

Ontario